

ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Tomo XLV Blg. 12
Hunyo 21, 2014
www.philippinerevolution.net

Editorial

Ibasura ang CARP at buuin ang rebolusyonaryong lakas ng uring magbubukid!

Kasalukuyang itinutulak ng rehimeng Aquino ang dalawang taong pagpapalawig ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP.

Kahit malinaw nang itinatkwil ng masang magbubukid ang CARP dahil sa pagiging huwad nito, isa ito sa mga pangunahing adyenda ng rehimen sa nalalapit na pagbubukas ng Kongreso.

Malaking kabalintunaan ang pagtutulak ng reporma sa lupa ng isang presidenteng nagmula sa uring asendero. Pero walang kabalintunaan sa pagtutulak ng asenderong presidente sa reporma sa lupa kung ito nama'y bogus, at laluna kung paraan ito para makapagnakaw ng bilyun-bilyon.

Planong maglaan ng ₱150 bilyon para

sa dalawang taong pagpapalawig ng CARP—katumbas ng kabuuang badyet na inilaan sa CARP nitong nagdaang limang taon. Gagamitin diumano ang badyet para "bayaran" ang mga panginoong maylupa at bigyan ng suportang serbisyo ang mga benepisyaryong magsasaka.

Tulad ng labis na kabayaran na tinanggap ng angkang Cojuangco-Aquino sa Hacienda Luisita (₱471 milyon sa halip na ₱304 milyon), ang labis-labis na "kumpensasyong" ibinibigay sa mga panginoong maylupa ay pinagmumulan ng malaking halagang ibinubulsa ng mga burukrata kapitalista.

Ang sobrang laking halagang nakalaan sa planong dalawang taong pagpapalawig ng CARP ay tiyak na pagmumulan din ng mga ala-Napoles na kurakot tulad ng nalalantad nang kinasasangkutan ng mga upisyal ni Aquino sa agrikultura.

Paraan din ng mga burukrata ang CARP *extension* para makalikom ng pondo para sa eleksyong 2016. Kung nakapangwarta para sa eleksyon si Gloria Arroyo sa pekeng pamamahagi ng abono noong 2004, ang CARP *extension* naman ang isa sa inasahan ni Aquino na magpapalitaw ng malaking perang magagamit para makapagpatuloy sa poder ang kanyang pangkatin lampas sa 2016.

Sa 26 na taong pag-iral nito, walang ibang naging papel ang CARP kundi linlangin ang mga magbubukid, pagkakarwan ang kanilang karalitaan at kawalan ng lupa at maglatag ng ligal na balangkas para sa kahulihulihan ay mabawi ng mga asendero at mapanatili sa kanila ang malalawak na lupain, o kaya'y maisalin ito sa kamay ng mga kumpanya sa *real estate*, mga plantasyon o minahan at iba pang imperyalista o burges kumprador na negosyo. Sa ngayon ay umaabot na sa 60% ng mga



naipamahaging Certificate of Land Ownership Award ang napawalambisa na. Sa dami ng iba pang nakasalang na kaso ng eksempyon, reklasipikasyon at pagpapalit-gamit, tiyak na madadagdagan pa ang mga lupaing mababawi o hindi man lamang masasaklaw ng mga hungkag na "notice of coverage" ng DAR. Malaon nang tinututulan ng masang magbubukid ang CARP. Ang 26 na taon ng pagpapatupad nito ay patunay na wala itong ibang layunin kundi pangalagaan ang monopolyong pag-aari sa lupa ng malalaking asendero.

Direktang okupasyon at pagbubukas ng mga kolektibong bungkalan ang inabot nang rurok ng ligal na kilusang magbubukid. Sa pamumuno ng malakas at militanteng hayag na kilusang magsasaka, nakapagtamo ng ilang tagumpay ang masang magbubukid sa paggigiit ng karapatang magbungkal ng lupa at manirahan sa mga lupang kanilang pinagyaman, tulad ng bungkalan sa Hacienda Luisita at mga *land cultivation area* (LCA) sa Negros at Southern Ta-

galog. Hindi matatawaran ang papel ng mga ligal na pakikibakang magsasaka para higit na mapabilis ang pag-oorganisa at pagpapasigla ng hayag na kilusang magsasaka. Gayunpaman, palaging nasa bingit ng peligro ang mga tagumpay at organisasyon ng hayag na kilusang magsasaka dahil sa paggamit ng naghaharing estado ng reaksyunaryong dahas.

Dahil dito, dapat mabuo ang solidong lakas ng uring magsasaka sa pamamagitan ng pagtayo ng mga lihim na balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM). Ang PKM ang nasa gulugod ng rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at siyang nagsusulong ng rebolusyong agraryo na unti-unting umuuk-ok sa kapangyarihan ng uring panginoong maylupa at nagsalin ng rebolusyonaryong kapangyarihang bayan sa kamay ng uring magbubukid. Mahigpit itong nakakawing sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at pagbubuo ng mga base ng rebolusyon. Dito tunay na nakasalalay ang paglala ng uring magbubukid. **AB**

2,000 ektarya sa Quezon, bantang kamkamin

Isang proyektong agro-industriyal at eko-turismo ang nagbabanta sa kabuhayan ng mga magsasaka sa niyugan sa Mauban, Quezon. Target ng Achievement Realty Corp. (ARC), isang malaking kumpanya sa *real estate*, na isailalim sa kumbersyon ang 1,987 ektaryang lupain sa mga barangay ng Rosario, Santo Niño at San Jose sa Mauban para sa proyekto na tinatawag na Funtastic Dream World at FunMily Dream City.

Kasalukuyang nakasampa sa korte ang petisyon ng ARC, na siyang nakarehistrong mayari ng lupa, para kanselahin ang mga Certificate of Land Ownership Award (CLOA) at Notice of Coverage (NOC) na una nang inilabas ng Department of Agrarian Reform (DAR) para sa naturang lupain. Bago ito, nakipagsabwatan ang ARC sa Sangguniang Bayan ng Mauban upang maglabas ito ng resolusyong nagdedeklara na hindi agrikultural ang 650-ektaryang niyugang bahagi ng lupain upang di ito masaklaw ng CARP.

Nakatayo sa naturang lupain ang libu-libong puno ng niyog na itinanim ng mga magsasaka noon pang dekada 1960. Malaon nang hinihiling ng mga magsasaka na isailalim ang lupain sa reporma sa lupa. Sa harap ng planong proyekto na ito, nananawagan ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa mga magsasaka sa lugar na maging mapagbantay at labanan ang planong kamkamin ang kanilang lupa. **AB**



Taon XLV Blg. 12 Hunyo 21, 2014

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorial: Ibasura ang CARP at buuin ang rebolusyonaryong lakas ng magbubukid	1
2,000 ektarya sa Quezon, kakamkamin	2
Presyo ng pagkain, sumisirit	3
Aquino, target ng protesta kontra <i>pork barrel</i>	3
Mga drayber ng dyip at FX, nagtigil-pasada	4
Mga bakla at lesbyan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan	5
Mga bakla at lesbyan: Dalawang panayam	6
5 armas, nasamsam sa Agusan del Norte	7
Mga aksyong militar sa Rizal at Sorsogon	7
2 sibilyan, pinaslang sa Davao del Norte	8
Andrea Rosal, pwersahang inilipat	8
Protesta sa NXP, nagpapatuloy	8
Mga estudyante ng EARIST, nagtagumpay	9
Kaligtasan sa paggawa, balewala kay Aquino	9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Presyo ng pagkain, sumisirit

Umani ng batikos mula sa iba't ibang sektor ang pagkainutil ng rehimeng Aquino sa harap ng kasalukuyang pagsirit ng presyo ng bigas at iba pang produktong agrikultural. Tumaas nang ₱2-₱3 kada kilo ang presyo ng bigas nitong mga nakaraang araw, mula sa dati nang mataas na presyo nito. Sumirit din ang presyo ng bawang, luya, asukal, gatas, karne at iba pang pagkain habang hindi tumaas ang sahod ng karaniwang manggagawa.

Walang sagsay ang katwiran ng rehimen na “pansamantala” lamang ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Palabas lamang ang proyekto ng guberno na mga *rolling store* o tindahang dinadala sa iba't ibang lugar.

Ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng bigas ay kabilang sa mga pinsalang dulot ng patakaranang liberalisasyon at deregulasyon sa agrikultura. Ang gayong mga patakaran ang siyang ugat ng kawalan ng seguridad sa pagkain ng mamamayan.

Kabaliktaran sa ipinangako ni Aquino noong nakaraan na makatitindig na sa sarili ang Pilipinas sa usapin ng suplay ng bigas pagsapit ng 2013, ipinagpapatuloy niya ang patakaran sa malakihang importasyon ng bigas

bilang solusyon sa kakulangan ng suplay. Nakatakdang umabot sa dalawang milyong tonelada ang importasyon ng bigas sa 2013-2014, mula sa 1.5 milyon, o 33% pagdagdag.

Ang malakihang importasyon ng bigas ay isa sa pinakamalaking pinagmumulan ng burukrata kapitalistang ganansya. Isiniwalat kamakailan na batbat ng anomalya ang kontratang pinirmahan ni Agriculture Sec. Prospero Alcala sa VINAFOOD II ng Vietnam para sa 800,000 tonelada ng bigas mula Mayo hanggang Agosto 2014. Ang labis na nakatakdang singil sa kargada (\$54 mula sa \$24 bawat tonelada na karaniwang singil) ay pagmumulan ng aabot sa ₱1.048 bilyong kibbak. Ganito rin ang

ginawa ni Alcala nang ibulsa niya ang ₱457.2 milyon mula sa importasyon ng bigas sa Vietnam noong Mayo 2013.

Sa kabila ng lantad nang pagkakasangkot ni Alcala sa mga anomalya, hindi siya mabitaw-bitawan ni Aquino dahil sa malaking papel na ginagampanan ng kalihim sa agrikultura at kapwa niya mandarambong sa paglilikom ng pondo para sa naghaharing pangkatin.

Nakaugnay din sa liberalisasyon ng kalakalan sa agrikultura ang laganap na ismagling ng bigas na pinangungunahan ng *rice cartel*. Ang kartel ang may matagal nang kontrol sa suplay at kalakalan ng bigas. Kasabwat ang rehimeng Aquino, nagagawa nitong manipulahin ang suplay ng bigas sa lokal na pamilihan para itakda ang papataas na presyo at magkamal ng papalaking tubo. Sa kabilang panig, ang gayong manipulasyon sa suplay ang nagbibigay-katwiran naman sa rehimeng Aquino na ipagpapatuloy ang batbat sa kurakot na sistema ng importasyon ng bigas. **AB**

Aquino, tinarget ng mga protesta kontra *pork barrel*

Nagrali ang humigit-kumulang 10,000 katao noong Hunyo 12 sa Metro Manila upang batikusin ang rehimeng Aquino sa harap ng nagpapatuloy na malawakang korapsyon at pagkaka-sangkot nito sa iskandalo sa *pork barrel*.

Kabilang sa lumahok sa rali ang koalisyong Scrap Pork Network, Kontra-Korapsyon, #Abolishpork Movement, mga pambansa-demokratikong organisasyong masa at alyansa at iba pang grupo at personahe. Nagkakaisa nilang binatikos si Aquino sa pagtatakip at pagtatanggol sa kanyang mga upisyal at alyado na sangkot sa maano-

malyang *pork barrel*.

Sa pamamagitan ng islogang "Lahat ng sangkot, dapat managot," binatikos nila ang piling pagsasampa ng mga kaso laban sa mga oposisyunista samantalang inaabswelto naman ang mga kaalyado ni Aquino na sangkot din sa maanomalyang *pork barrel*. Ilan lamang dito sina Budget Sec. Florencio Abad,

Agriculture Sec. Proceso Alcala at Senate Pres. Franklin Drilon.


Mula sa iba't ibang lugar sa Metro Manila ay nagmartsa ang mga raliyista patungong US Embassy sa Pasay City noong umaga ng Hunyo 12 upang kundenahin ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Bandang hapon ay muli silang nagmartsa papunta sa Liwasang Bonifacio na hindi alintana ang panakanakang pag-ulan. Pagkatapos nito ay naglunsad sila ng

“torch parade” tungong Mendiola Bridge malapit sa palasyo ng pangulo.

Hila-hila ng mga raliyista ang *effigy* ng higan-teng “Gintong Baboy,” na unang nakita noong mga raling anti-korapsyon sa Makati noog 2013. Naka-suot ang baboy ng korona bilang simbulo ng pagiging “Pork Barrel King” ni Aquino.

Samantala, sa Naga City, kung saan nagtalum-pati si Aquino, ilang kasapi ng Anakbayan ang lumusot sa kordon ng Presidential Security Group at Naga City Police Office at sumigaw ng “Pataksikin ang Pork Barrel King,” “Walang pagbabago sa ilalim ni Aquino!” Mabilis din silang naglaho sa kapal ng mga tao, pero nahuli ng mga pulis ang isang estudyante ng Ateneo de Naga, na si Em Mijares. Ilang araw na idinetine si Mijares bago siya makapaglagak ng pyansa.

Sa Roxas City, mahigit 1,000 raliyista sa pamumuno ng BAYAN-Capiz ang nagmartsa sa mga pangunahing lansangan para batikusin ang kati-



walian ng gubyernong Aquino sa pagpapatupad ng programang rekoberi at rehabilitasyon matapos ang superbagyong Yolanda. Sa Iloilo City at Kalibo, Aklan, may 300 kasapi ng BAYAN ang nagpiket-rali.

Sa Cebu City, isang 150-kataong delegasyon ng mga progresibong grupo ang sumanib sa 3,000-kataong mobilisasyong anti-korapsyon ng Simbahang Katoliko. Sa Baguio City, nagpahayag ng kanilang galit ang mamamayan sa pamamagitan ng *protest concert*. Nagdaos ng porum tungkol sa *pork barrel* ang mga progresibong grupo sa Pampanga. Sa Davao City, nagprotesta ang mga progresibong grupo sa Rizal Park at nanawagan na wakasan na ang katiwalian sa gubyerno.

Ang mga kilos-protesta ay paghahanda at pampainit tungo sa pambansang koordinadong anti-korapsyong mobilisasyon kasabay ng State of the Nation Address (SONA) ni Aquino sa Hulyo. AB

Mga drayber ng dyip at FX, nagtigil-pasada

Mayorya ng mga drayber at opereytor ng mga dyip at FX ang nagsama-sama sa paglulunsad ng *transport caravan* at tigil-pasada nitong Hunyo 19 sa Metro Manila para tutulan ang pinakabagong kautusan ng Land Transportation Franchising and Regular Board (LTFRB) na nagpapataw ng matataas na multa sa mga mahuhuling pampublikong sasakyang walang prangkisa (o “kolorum”) o sangkot sa sarisaring “iligal” na gawain.


Ayon sa mga inisyal na ulat, naparalisa o kaya’y dumalang ang transportasyon sa Commonwealth Avenue sa Quezon City, Caloocan, Pasig, Marikina, Cavite at ilang bahagi ng Bulacan dahil sa lawak ng tigil-pasada.

May ulat ding 70% ng pampublikong transportasyon sa mga syudad ng Cebu, Mandau, Lapu-lapu at Talisay ang naparalisa ng grupong PISTON-Cebu. Samantala, sa Roxas City, 90% ng mga dyip, *van* at traysikel ang sumama sa welga ng PISTON-Capiz at Hugpong Transport. Sa mga syudad ng Iloilo, Cagayan de Oro at Baguio, nagpiket sa upsi-

na ng LTFRB ang mga kasapi ng PISTON.

Tinututulan ng mga drayber at opereytor ang Joint Administrative Order (JAO) No. 2014-01, na ayon sa kanila ay lubhang mapaniil. Dagdag nila, nangangahulugan lamang ito ng mas malaking “kotong” para sa mga pulis at *traffic enforcer*, at hindi pa rin ito makalulutas sa problema sa trapiko.

Bunsod nito, pinaiimbestigahan sa Kongreso ng mga kinatawan ng Bayan Muna ang bagong kautusan, na nagpapataw ng multang ₱1 milyon sa mga *bus operator*; ₱200,000 sa mga *truck* at *van operator*; ₱120,000 sa mga *sedan* (kotse) *operator*; ₱50,000 sa mga opereytor ng dyip; at ₱6,000 sa mga opereytor ng motorsiklo. AB



Ang mga bakla at lesbyan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan

“Kinikilala at iginagalang ng Partido ang karapatan sa pagpili ng kasarian ng indibidwal na kasapi ng Partido. Ang mga saligang prinsipyo at tuntunin sa pag-aasawa sa loob ng Partido ay aplikable sa kanilang mga kaso.”

-Paglalapat sa relasyon ng magkaparehong kasarian mula sa Mga Gabay at Alituntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido, Marso 1998

Sa Hunyo 28, gugunitain sa iba't ibang bahagi ng mundo ang ika-45 anibersaryo ng pag-aaklas sa Stonewall sa New York City, USA ng daan-daang mga bakla, lesbyan at kanilang mga tagasuporta laban sa diskriminasyon. Ang insidenteng ito, na tinawag na "Stonewall riots," ay bunga ng walang pakundangang pananalakay ng mga pulis ng New York City sa Stonewall Inn, isang lugar kung saan madalas magtipun-tipon noon ang mga bakla at lesbyan. Itinulak ng "Stonewall riots" ang pag-usbong ng mga grupo na nagtataguyod ng mga karapatan ng mga bakla, lesbyan, bisekswal at *transgender* laban sa diskriminasyon sa larangan ng ekonomya, pulitika at relasyong sosyal. Taun-taon itong ginugunita sa isang parada na kilala bilang Gay Pride Parade.

Sa Pilipinas, malaon nang dinadala ng mga progresibong grupo ang pakikibaka laban sa diskriminasyon sa mga bakla, lesbyan, bisekswal at *transgender*. Ang pakikibakang ito ay hindi lamang lubos na sinusupportahan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), aktibo itong itinataguyod sa loob ng PKP.

Patunay ng pagkilala ng PKP sa kanilang mga karapatan at kagalingan ang probisyong nakasaad sa itaas. Ang mga ito ay kabilang sa mga idinagdag sa dokumentong "Mga Gabay at Tuntunin sa Pag-aasawa sa Loob ng Partido" alinsunod sa mga desisyon ng ika-10 Plenum ng Komite Sentral noong 1992.

Paliwanag ng KTKS, malaon nang tutol ang Partido sa anumang uri ng diskriminasyon, pang-aapi at pagsasamantala sa lipunan. Kabilang dito ang diskriminasyon laban sa kababaihan at yaong nakabatay sa piniling kasarian. Tutol ang Partido sa pang-aapi at pagkakait

kaninuman ng mga karapatan at oportunidad dahil lamang sa pinili nilang kasarian.

Hindi nagsasara ng pinto ang Partido sa pagsapi ng mga bakla, lesbyan, bisekswal o *transgender*. Anuman ang piniling kasarian, maaaring sumapi sa Partido ang sinumang handang yumakap at magtaguyod ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at saligang batas ng Partido Komunista ng Pilipinas. May katulad na patakaran ang Bagong Hukbong Bayan na kumikilala sa karapatan ng mga Pulang mandirigma sa pagpili ng kasarian.

Kaakibat ng pagkilala ng Partido sa karapatan sa pagpili ng kasarian ay ang puspusang pagsisikap nito na labanan ang umiiral na maling mga gawi o pananaw kontra sa mga indibidwal na may ibang piniling kasarian. Laganap sa bulok na lipunan ang diskriminasyon laban sa mga bakla o lesbyan, mula sa mga pabirong komentaryong mapangutya hanggang sa wa-

lang batayang takot o pagkasuklam (*homophobia*). Hinaharap ito ng rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng edukasyon kapwa sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa. Inilalantad at binabatikos ang kinakaharap nilang pang-aapi. Layunin nitong baka hinaharap ang iba't ibang sektaryang pananaw at aktitud, prehudisyal na pakikitungo at baluktot na pananaw sa pagkatao ng mga indibidwal na may ibang piniling kasarian.

Batid ng Partido na ang pagtanggap, pagkilala at pagtanggol sa mga karapatan at kagalingan ng mga bakla, lesbyan, bisekswal at *transgender* ay nakabatay sa antas ng pampulitikalang kamulatan ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Kung hindi matatag na panghahawakan ang mga batayang prinsipyo sa pagkilala sa karapatan sa pagpili ng kasarian, lilitaw at lilitaw ang suhetibong sektaryan na pananaw at pakikitungo.

Dahil malinaw ang patakaran ng Partido laban sa diskriminasyon, dapat handa ang lahat ng mga kadre at kasapi nito na pantay-pantay na pakitunguhan ang lahat ng indibidwal nang walang pagtatangi sa kanilang piniling kasarian. Sa ganitong paraan, natitiyak ng rebolusyonaryong kilusan na nabibigyang-daan ang lahat na mag-ambag ng lahat ng kanilang kayang iambag sa rebolusyonaryong pakikibaka para sa pagbabago ng lipunan.

Sa kabilang banda, hamon sa mga rebolusyonaryong bakla, lesbyan, bisekswal at *transgender* na mag-ambag ng mga aral na makapagpapayaman sa mga patakaran at alituntunin ng

Partido. Kabilang sa mga responsibilidad nila ang paglalagom sa kanilang mga karanasan upang ibayo pang mapaunlad ang pananaw ng Partido sa rebolusyonaryong pag-aasawang homosekswal. **AB**

Ang bakla at lesbyan ay mga indibidwal na nagkagusto sa pareho nilang kasarian (lalaki sa lalaki o babae sa babae). Ang bisekswal ay isang indibidwal, lalaki o babae, na nagkagusto pareho sa babae at lalaki. Ang transgender ay isang indi-

bidwal, lalaki o babae, na pumipili o nagpapahayag ng kagustuhang mamuhay nang hindi naaayon sa kanilang biolohikal na kasarian (bilang babae kung lalaki o bilang lalaki kung babae). Kaiba sa bakla, lesbyan at bisekswal, pangunahing batayan ng pagiging transgender ang “gender identity” at hindi sekswal na oryentasyon. Ang apat na magkakaibang kasarian ay kolektibong kinikilala bilang komunidad ng mga “lesbian, gay, bisexual and transgender” o LGBT.

Mga bakla at lesbyan: Dalawang panayam

Dahil sa patakaran ng Partido kontra sa diskriminasyon sa usapin ng kasarian, puspusan ang mga kasamang may ibang piniling kasarian sa pag-aambag ng kanilang lakas, talino at kakayahan sa pagsusulong ng rebolusyon at pagiging huwarang mga rebolusyonaryo sa iba't ibang larangan ng gawain.

Kabilang dito sina Ka Leslie at Ka Kurt, kapwa bakla, at kasapi ng Regional Medical Staff ng Southern Mindanao Region. Kabilang sila sa mga Pulang mandirigma na nasa gitna ngayon ng maigting na pakikidigmang gerilya laban sa todong pasistang pananalakay ng rehimeng US-Aquino laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Mindanao.

Si Ka Leslie ay nakapagtapos na ng abanteng kursong medikal. Galing siya sa sektor ng kabataan. Mula naman sa uring malaproletaryo si Ka Kurt na itinuturing na

“praktisyuner” at kabilang sa tim ng mga rebolusyonaryong duktor na naglulunsad ng mga klinikang bayan sa rehiyon.

Tulad ng maraming bakla, nahirapang magbukas si Ka Kurt dahil sa takot niya sa magiging reaksyon ng kanyang pamilya. Pero sa tulong ng mga kasama sa kinikilusan niyang komunidad, nagkaroon siya ng sapat na lakas ng loob para ipabatid ang kanyang oryentasyong sekswal.

Sa takot na mawalan siya ng kredibilidad at sa posibleng diskriminasyon, hindi nagawa ni Ka Leslie na makapagbukas sa

pinanggalingang sektor tungkol sa kanyang kasarian. Pero nang sumapi siya sa BHB, nagdesisyon siyang ibukas ang pagiging bakla para igpawan ang suhetibong pag-aalala at palayain ang sarili sa mga pag-aalinlangan. Laking tuwa niyang malugod na tinanggap hindi lamang ng mga kasamang mandirig-

ma, kundi pati ng pinanggalingang sektor, ang kanyang pagbubukas ng tunay niyang oryentasyong sekswal.

Ayon sa dalawa, pana-panahon ay nakararanas pa rin sila ng diskriminasyon. Gayunpaman, ito ay sa maliliit na bagay at kagad namang naitutuwid sa pamamagitan ng mga pagtatasa at pagpupuna at pagpupuna-sa-sarili. Ang mahalaga, ayon sa kanila, hindi nililimitahan ang kanilang kakayahan at mga oportunidad para makapagsilbi bilang mga rebolusyonaryo.

Mahigpit na pinanghahawakan kapwa nina Ka Kurt at Ka Leslie ang kanilang mga tungkulin sa loob ng BHB. Itinuturing nilang sukatan ng mataas na respeto at kumpyansa ng mga kasama ang pagbibigay sa kanila ng angkop na mga tungkulin batay sa kanilang kakayahan nang walang pagtatangi sa kanilang kasarian.

Itinuturing nina Ka Kurt at Ka Leslie bilang indibidwal na paglaya ang pagbubukas at pagtanggap sa kanila ng mga kasama bilang mga bakla. Nakahulagpos sila sa mga prehudisyal na pananaw at diskriminasyon sa burgis na lipunan at tinatamasa nila ang demokrasya at pagkakapantay-pantay na kanyang ipagkaloob ng rebolusyonaryong kilusan. Sa kanilang



pananaw, itinaas ng Partido ang halaga ng mga bakla sa lipunan matapos nito upisyal na kilalanin at tiyakin ang paggalang sa mga karapatan at kagalingan ng mga bakla.

Kahit kapwa walang karelasyon sa kasalukuyan, sapat na sa kanila na kinikilala ng Partido ang kanilang karapatang makipagrelasyon at magpakasal kaninuman, basta't gusto rin ng nililigawan nila, at walang nalalabag na mga pamantayan. Anila, sapat din ang tuntunin ng Partido na aalagaan at ipagtatanggol nito ang mga relasyon ng mga baklang mag-asawa, tulad ng pag-aalaga nito sa mga relasyong heterosekswal.

Itinataguyod ng Partido ang institusyon ng kasal sa pagitan ng mga kasamang bakla, lesbian, bisexswal at *transgender*. Kabilang dito ang kasal at relasyong mag-asawa nina Ka Zima at Ka Delphie, kapwa lesbian na kumikilos sa hayag na kilusang masa sa Metro Manila.

Umusbong ang pag-iibigan nina Ka Zima at Ka Delphie sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Simula't sapul, ani Ka Zima, malinaw na sa kanilang dalawa na ang rebolusyon ang batayan ng kanilang pagmamahalan. Pangunahin niyang iti-

nuturing si Ka Delphie bilang kasama, at sekundaryo, bilang bukod-tangi niyang karelasyon. Sa pinakaubod, walang pagkakaiba ang pagtuturingang ito sa makauring pag-iibigan ng babae at lalaki.

Maagang naorganisa sa progresibong kilusan si Ka Zima at sa loob nito siya nakipagtunggali sa mga pananaw at pagtanggap sa kanyang kasarian. Aniya, ang kilusan ang nagmulat sa kanya na ang pagpapahayag sa kanyang pagiging lesbian ay bahagi ng pakikibaka sa lahat ng anyo ng diskriminasyon at pang-aapi. Natutunan niya na hindi dapat pinagbabangga ang paggagap sa mahahalagang isyu sa lipunan at rebolusyon sa paggagap sa mga isyu at ipinaglalaman ng mga lesbian at bakla na dulot din naman ng umiiral na reaksyunaryong lipunan.

Sa kabilang banda, hindi naging malaking usapin kay Ka Delphie na nagkakagusto siya sa kapwa babae. Naging madali para sa kanya ang magpahayag ng sarili at umamin sa mga kapamilya at kabigan. Aniya, dala ito ng naabot niyang kamulatan at tiwala na hindi naiiba ang pananaw ng Partido sa mga relasyon ng magkaparehong kasarian. **AB**

5 armas, nasamsam sa Agusan del Norte

Limang armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Western Agusan Norte-Agusan Sur Subregional Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa reyd na inilunsad nito sa bahay ng sagadsaring kontra-rebolusyonaryong meyor ng Carmen, Agusan del Norte na si Ramon Calo noong Hunyo 8 ng gabi.

Kinabibilangan ng isang *baby M16*, isang Ingram *machine pistol*, isang pistolang 9 mm, dalawang *shotgun* at mga magasin at bala ang nasamsam ng mga Pulang gerilya. Nakumpiska rin ang isang *laptop* at dalawang kamera. Mabilis at ligtas na nakaatras ang BHB matapos ang reyd.

Matagal nang inirereklamo ng mamamayan ang militaristang paghahari ni Mayor Calo sa lugar. Bukod sa mga galamay nitong sundalo at pulis ay may sarili rin itong pribadong hukbo. **AB**

Mga aksyong militar ng BHB sa Rizal at Sorsogon, inilunsad

Apat na elemento ng kaaway ang napatay at isa ang nasugatan sa mga aksyong militar ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Rizal at Sorsogon ngayong Hunyo.

Sa Rizal, dalawang sundalo ang napatay matapos maagaw ng isang seksyon ng mga Pulang mandirigma ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC) ng BHB ang inisyatiba mula sa sumasalakay na platon ng 21st Division Reconnaissance Company sa Barangay Calawis, Antipolo City bandang alas-10:30 ng umaga.

Pagkalipas ng pitong oras, isang sundalo ng 16th IB ang nasugatan nang tangkain ng isang platon ng militar na tambangan ang naglalakad na iskwad ng NAAC sa Sityo Binayuyo, San Jose sa nasabing syudad. Mahusay na nakalaban at nakapagmaniobra ang mga Pulang mandirigma at ligtas na nakaatras.

Samantala, sa Sorsogon, napatay sina Sgt. Rene Madrona at PO2 Christopher Escreza sa magkasunod na espesyal na operasyong partisano ng Celso Minguez Command ng BHB.

Si Madrona, na pinarusahan sa Barangay Pootol, Bulusan bandang alas-8 ng gabi noong Hunyo 10 ay operatibang paniktik ng Philippine Army na humahawak sa lambat ng mga importer sa naturang bayan.

Si Escreza naman, na pinarusahan sa poblasyon ng Barcelona bandang alas-4 ng hapon noong Hunyo 11 ay upisyal-paniktik ng Philippine National Police na aktibong naglalalatag ng lambat-paniktik sa pinangyarihang bayan. Nasamsam ng BHB ang kanyang pistolang 9 mm. **AB**

2 sibilyan, pinaslang ng 60th IB sa Davao del Norte

Mga walang kalaban-labang sibilyan ang tinatarget ng 60th IB sa Davao del Norte para makabawi ito sa mga pagkatalo sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga labanan at sa larangan ng pulitika.

Isang drayber ng *habal-habal* (motorsiklong pampasada) at isang lokal na lider-masa ang pinakahuling mga biktima ng pamamaslang ng 60th IB sa lalawigan ngayong Hunyo.

Pinatay noong Hunyo 4 ng mga elemento ng 60th IB si Wilfredo Estrebillo sa Sityo Pandulian, Barangay Mabantao, Kapalong. Si Estrebillo ay isa sa anim na drayber ng *habal-habal* sa lugar na inaakusahan ng 60th IB ng paghahatid ng kagamitan at pagkain para sa BHB. Ang limang iba pa ay sina Eleazar Batobato, Loloy Labaho, Undo Labaho, Dodong Labaho at Peter Joy Eway. Madalas silang hinaharag at hinaharas sa mga tsekpoyn ng militar.

Isa si Estrebillo sa mga sibilyang nakasaksi sa pagaresto ng mga Pulang mandirigma kay Cpl. Rogelio Rosales sa Barangay Florida, Kapalong noong Mayo dahil sa pagkakasangkot nito sa iligal na pagtotroso. Pinaghinalaan ng militar na may kinalaman si Estrebillo sa pagkakadakip kay Rosales, kaya siya ginantihan.

Samantala, pinaslang din ng mga elemento ng 60th IB noong Hunyo 13 si Flaviano Morales, isang magsasaka sa Barangay Napungas, Asuncion. Si Morales ay lider-masa sa kanilang baryo at nagsilbi ring *municipal electoral staff* ng Bayan Muna. Ilang linggo bago patayin si Morales ay dalawang beses siyang isinailalim ng 60th IB sa interogasyon. **AB**

Andrea Rosal, pwersahang ibinalik sa kulungan

Sapilitang ibinalik sa kulungan ng mga Elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) ang bilanggong pulitikal na si Andrea Rosal noong Hunyo 4.

Inaayos noon ni Rosal sa Philippine General Hospital (PGH) ang mga bayarin at iba pang papeles nang bigla siyang puntahan doon ng mga elemento ng BJMP at AFP upang pwersahang ibalik sa Camp Bagong Diwa sa Taguig City. Kinaladkad si Rosal mula sa inuupuan niyang *wheelchair* at hindi man lang pinayagang makapunta sa banyo. Kinumpiska rin ang mga *cellphone* ng dalawa pa niyang kasama na kasapi ng GABRIELA para hindi makontak ang abugado ni Rosal.

Si Rosal, na inaresto noong Marso nang siya ay pitong-buwang buntis, ay nagsilang ng sanggol na babae sa PGH noong Mayo. Pero bunsod ng dinanas niyang matinding hirap sa kulungan at kakulangan ng atensyong medikal, namatay ang kanyang anak noong Mayo 17, matapos ang dalawang araw. **AB**

Protesta laban sa pagbuwag ng unyon, nagpapatuloy

Nagmartsa nang ilang kilometro ang daan-daang manggagawa ng NXP Semiconductors at pwersahang pinasok ang saradong tarangkahan ng Light Industry and Science Park sa Cabuyao, Laguna patungo sa harapan ng planta ng NXP noong Hunyo 7. Tinututulan nila ang pagsibak sa 24 na lider ng unyon sa nasabing pagawaan.

Habang nagmamartsa patungo sa “special economic zone,” isinisigaw nila ang “Manggagawang tinanggal, ibalik! Ibalik!” Kasama ang iba pang manggagawa ng ibang mga unyon, mga pederasyon at mga tagasuporta nila, muli nilang iginiit ang pagbabalik sa mga sinipang upisyal at ang pagpapatuloy ng negosasyon sa *collective bargaining agreement* (CBA).

Umani ng suporta ang pakikibaka ng mga manggagawa ng NXP mula sa mga organisasyon sa Australia, The Netherlands, China, Hongkong at sa US.

Ang NXP Semiconductors, na dating Philips Semiconductors, ay isang kumpanyang nagsusuplay ng mga pyesang elektronik sa mga kumpanya tulad ng Apple, Asus at iba pa. (*Para sa dagdag na detalye, basahin ang isyung Mayo 21, 2014 ng Ang Bayan.*)

Itinutulak ng mga myembro ng unyon na taasan ang kanilang sahod nang 8%. Anila, kaya itong ibigay ng kumpanya dahil sa malaking ganansya nito. Ngunit 3.5% lamang na dagdag-sahod ang gustong ibigay ng *general manager* ng NXP Semiconductors na si Jose Miguel Orleans. **AB**

Pakikibaka ng mga estudyante sa EARIST, nagtagumpay

Hindi inabot ng isang araw ang nakatakdang limang araw na *hunger strike* o pag-aayuno ng 35 mag-aaral ng Eulogio “Amang” Rodriguez Institute of Science and Technology (EARIST) noong umaga ng Hunyo 9 sa harapan ng eskwelahan sa Nagtahan, Sta. Mesa, Manila. Bago matapos ang araw ay iniatras ng administrasyon ang kautusang pagpapataalik sa mga estudyanteng hindi sumusunod sa mga patakaran ng EARIST.

Iniatras ang kautusan matapos ang dayalog ng dalawang panig habang nag-aayuno ang mga estudyante na sinamahan ng kanilang mga magulang. Kasabay nito, pinayagan din silang mag-enrol muli.

Ipinagbawal na makapag-enrol ang 35 estudyante sa EARIST dahil umano sa pagkakasangkot nila sa mga kilos-protesta kontra sa pagkolekta ng

mga bayarin sa eskwelahan. Nag-*walk out* noong Nobyembre ang halos 5,000 estudyante para tutulan ang iligal na mga bayarin na sinisingil sa mga mag-aaral. Isa rito ang kinokolektang ₱1,000 na “development fee” kada semestre mula noong 2012 hanggang 2013. Mariin itong tinutulan ng Katipunan ng mga Mag-aaral at Organisasyon (KAMA), isang partidong pampulitika ng mga estudyante kung saan mga kasapi at upisyal ang nasabing mga mag-aaral.

Ang pagbabawal sa kanilang mag-enrol muli sa EARIST ay paglabag sa kanilang karapatan sa pamamahayag at pagtitipon. Kaya nang magbukas ang klase, nagpasya silang salubungin ito ng mga kilos-protesta kaysa hayaan na lamang ang administrasyong supilin ang kanilang mga karapatan. **AB**

Kaligtasan sa paggawa, balewala sa rehimeng Aquino

Umaabot sa 60% ng mga pabrika sa Pilipinas ang hindi tumatali-ma sa mga pamantayang pangkalusugan at pangkaligtasan. Ang sarbey na ito ay isinawalat ng Kilusang Mayo Uno (KMU) sa harap ng sunud-sunod na mga aksidente sa mga pagawaan na nagresulta sa pagkamatay o pagkapinsala ng mga manggagawa.

Karaniwan na walang inila-laan ang mga kapitalista na kagamitang pamproteksyon o pangkaligtasan para sa mga manggagawa, laluna sa mga nagtatrabaho sa mga delikadong lugar. Talamak ang paglabag sa Rule 1080 at iba pang mga probisyon ng Philippine Occupational Safety and Health Standards.

Noong Mayo 30, isang manggagawa ang namatay at anim ang nasugatan sa Superstar Coconut Products Co., Inc., sa Maa, Davao City, nang sumabog ang isa sa mga *steam boiler* nito.

Isiniwalat ng mga manggagawa ng Superstar na pinababayaran sa kanila ng kumpanya ang ginagamit nilang kagamitang pangkaligtasan tulad ng mga helmet at bota. Inireklamo rin nila ang kawalang silbi ng

klinika sa pagawaan dahil hindi man lang ito makapagbigay kahit paunang lunas sa panahon ng aksidente.


Matagal nang ipinaglalaman ng mga manggagawa ng Superstar ang nararapat na mga hakbang para matiyak ang kanilang kaligtasan sa paggawa at magkaroon sila ng unyon na magtataguyod sa kanilang kapakanan. Kabilang ito sa nilalaman ng kasunduan noong 2011 sa pagitan ng Kahugpungan sa Trabahante sa Superstar at ng maneydsment nito.

Ang aksidente sa Superstar ay isa lamang sa halos araw-araw na mga aksidente sa pagawaan. Nito lamang Mayo 29, pitong kababaihang manggagawa ng Asia Metro Tech ang namatay nang masunog ang bodega nito sa Pasay City. Napag-

alaman na pinatutulong sila sa bodega at ikinakandado ang pintuan nito tuwing gabi kaya hindi nila natakasan ang sunog.

Ganito rin ang nangyari noong Mayo 9, 2012 sa Novo Jeans and Shirts *retail shop* (NVJS) sa Butuan City. Umabot sa 17 manggagawa ang namatay sa loob ng nasunog nitong gusali.

Karaniwan din na hindi pinananagutan ng mga kapitalista ang mga bayarin sa ospital o iba pang pangangailangang medikal ng mga manggagawang naaaksidente sa kanilang mga trabahuan. Isa rito ang kaso ni Silvestre Culiao, isang *forklift driver* sa Mintrade, kumpanya ng *plywood* sa Davao City na nabulag nang tamaan ng dumi ang mata habang nagkakarga ng mga kahoy noong Pebrero. Ibinawas sa kanyang *separation pay* na ₱50,000 ang mahigit ₱30,000 na bayarin sa ospital. Si Culiao ay 12 taon nang nagtatrabaho sa kumpanya nang mangyari ang aksidente. **AB**



ANG

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Bayan

Tomo XLV Blg. 12
Hunyo 21, 2014
www.philippinerevolution.net

Editorial

Ibasura ang CARP at buuin ang rebolusyonaryong lakas ng uring magbubukid!

Kasalukuyang itinutulak ng rehimeng Aquino ang dalawang taong pagpapalawig ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP.

Kahit malinaw nang itinatkwil ng masang magbubukid ang CARP dahil sa pagiging huwad nito, isa ito sa mga pangunahing adyenda ng rehimen sa nalalapit na pagbubukas ng Kongreso.

Malaking kabalintunaan ang pagtutulak ng reporma sa lupa ng isang presidenteng nagmula sa uring asendero. Pero walang kabalintunaan sa pagtutulak ng asenderong presidente sa reporma sa lupa kung ito nama'y bogus, at laluna kung paraan ito para makapagnakaw ng bilyun-bilyon.

Planong maglaan ng ₱150 bilyon para

sa dalawang taong pagpapalawig ng CARP—katumbas ng kabuuang badyet na inilaan sa CARP nitong nagdaang limang taon. Gagamitin diumano ang badyet para "bayaran" ang mga panginoong maylupa at bigyan ng suportang serbisyo ang mga benepisyaryong magsasaka.

Tulad ng labis na kabayaran na tinanggap ng angkang Cojuangco-Aquino sa Hacienda Luisita (₱471 milyon sa halip na ₱304 milyon), ang labis-labis na "kumpensasyong" ibinibigay sa mga panginoong maylupa ay pinagmumulan ng malaking halagang ibinubulsa ng mga burukrata kapitalista.

Ang sobrang laking halagang nakalaan sa planong dalawang taong pagpapalawig ng CARP ay tiyak na pagmumulan din ng mga ala-Napoles na kurakot tulad ng nalalantad nang kinasasangkutan ng mga opisyal ni Aquino sa agrikultura.

Paraan din ng mga burukrata ang CARP *extension* para makalikom ng pondo para sa eleksiyong 2016. Kung nakapangwarta para sa eleksyon si Gloria Arroyo sa pekeng pamamahagi ng abono noong 2004, ang CARP *extension* naman ang isa sa inasahan ni Aquino na magpapalitaw ng malaking perang magagamit para makapagpatuloy sa poder ang kanyang pangkatin lampas sa 2016.

Sa 26 na taong pag-iral nito, walang ibang naging papel ang CARP kundi linlangin ang mga magbubukid, pagkakarwan ang kanilang karalitaan at kawalan ng lupa at maglatag ng ligal na balangkas para sa kahulihulihan ay mabawi ng mga asendero at mapanatili sa kanila ang malalawak na lupain, o kaya'y maisalin ito sa kamay ng mga kumpanya sa *real estate*, mga plantasyon o minahan at iba pang imperyalista o burges kumprador na negosyo. Sa ngayon ay umaabot na sa 60% ng mga



Mga tuntunin sa paglilimbag

1. Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

2. Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

3. Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com